


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5
## Pagbibigay Kaisipan sa Tekstong Binasa



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Alien J. Donoga
**Editor:** Analyn F. Araneta**,** MAEd
**Tagasuri:** Eliza Carreon Quipit

**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto Tardo, EdD – Chief Education Supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD – Education Program Supervisor - Filipino
Ma. Socorro M. Orion – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero, DTE - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto, talata, at kuwento at pagbibigay ng mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa. **(F2PB-IIIi-11) (F2PB-IVi-11)**



# Balikan

**Basahin ang kwento.**

Ang Bagong Damit ni Nelia

Araw ng Sabado, gumising si Nelia. Kasama ang kaniyang ina, sila ay pupunta sa bilihan ng damit sa palengke upang bumili ng bagong damit na kaniyang isusuot sa nalalapit na niyang kaarawan.

Sa bilihan ng damit, masayang ipinakita ni Nelia sa kaniyang ina ang kaniyang napiling damit. Ito ay pula at may laso sa baywang na bahagi nito.

Umuwi nang may ngiti sa mga labi ang mag-ina. Sa hapag-kainan nang gabing iyon, pinasalamatan ni Nelia ang kaniyang ina sa bago

**Panuto**: Hanapin ang tamang sagot sa hanay B. Isulat ang wastong titik sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Bakit maagang gumising si Nelia? | a. pula |
| 2. Kailan binili ang bagong damit ni Nelia? | b. palengke |
| 3. Saan sila pumunta upang makabili ng bagong damit? | c. bibili sila ng bagong damit |
| 4. Ano ang kulay ng damit na napili ni Nelia? | d. masaya |
| 5. Paano umuwi ang mag-ina? | e. Araw ng Sabado |

Magaling! Tara at ating ipagpatuloy ang iyong magandang nasimulan.




# Tuklasin

A. Tingnan ang mga larawan. Piliin ang pangungusap na nagbibigay ng tamang kaisipan.

1. 

   a. Matiyagang naglilinis ang mga bata.
   b. Ang mga bata ay nag-aakyatan sa mga puno.
   c. Pagod sa naglalaro ang mga bata.
   d. Sabay na kumakain ang mga bata.

2. 


   a. Umupo ng maayos ang mag-anak sa parke.
   b. Nagmeryenda ang mag-anak sa parke.
   c. Masayang namamasyal ang mag-anak sa parke.
   d. Nagpasya ang mag-anak na matulog sa parke.

3. 

   a. Pinagalitan ng lalaki ang matanda
   b. Tinulak ng lalaki ang matanda.
   c. Mabagal maglakad ang matanda kaya iniwan ito ng lalaki.
   d. Magiliw na tinulungan ng lalaki ang matanda.

Mabuting pagsagot kaibigan! Tara na't tumuklas ng bagong kaalaman.



# Suriin

Ngayon, halina't alamin natin ang ating talakayan.

Ang teksto ay may ipinapahayag na ideya.

**Tandaan:**

- Unawaing mabuti ang teksto upang matukoy ang pangunahing ideya.

- Nakakatulong ang pangunahing ideya upang maintindihan ang nilalaman ng binasa.
- Ang pangunahing ideya ay maaaring matagpuan sa pamagat, unahan, gitna, at huling bahagi ng teksto.
- Nakakatulong sa pag-unawa ng nabasang teksto ang pag-uugnay nito sa sariling karanasan.

Salamat sa mabuting pag-intindi. Alam kong handa ka na sa susunod panag gawain.



# Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa pagbibigay ng pangunahing ideya sa binasang teksto ay:

- maari itong matagpuan sa pamagat, unahan, gitna, at huling bahagi ng teksto.



# Isagawa

Basahin at unawain ang kwento.

**Kumilos at Magkaisa**

Maraming patapong bagay sa ating paligid tulad ng mga basyo ng bote at plastic na nakatambak sa mga basurahan at looban ng ilang kabahayan. Ang mga lumang dyaryo at maruruming damit ay nagkalat din kung minsan. Para sa iba, ang mga ito ay basura lamang, patapon, at wala nang silbi kaya naman sa ating kapaligiran ay punong-puno ng mga kalat. Pinamumugaran tuloy ang mga ito ng daga at mga insekto.

Pinagmumulan din ang mga ito ng pagbabara ng mga daluyan ng tubig at sanhi ng pagbaha. Nakasasama rin ang ilan sa mga ito. Nagiging sanhi ito ng pagdumi at pagbaho ng hanging ating nalalanghap. Huwag na nating hintayin ang salot na idudulot ng mga basura. Panahon na para tayo ay kumilos at magkaisa.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong. Piliin ang tamong sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| lahat ng mga tao | nagkakaroon ng baha |
| nakakalat na basura nakakasama | bote, plastic, dyaryo |
| dahil nakasanayan at tamad ang mga tao sa pagre-recycle | |

1. Ano-anong patapong bagay ang makikita sa ating paligid?
2. Bakit ito hinahayaan ng mga tao?
3. Ano ang nangyayari kung maraming basura sa ating paligid?
4. Sino ang hinihiling na kumilos at magkaisa?
5. Ano ang pangunahing ideya ng kwento?

Salamat sa pagtapos mo sa iyong gawain. Binabati kita!



# Tayahin

A. Basahin at piliin ang pangunahing kaisipan o ideya ng teksto.

1. Nasa tabing-ilog ang bahay nina Ben. Tuwing umaga ay inaalis niya ang mga dumi sa tabing-ilog. Maraming maliliit na isda sa ilog. Hindi niya hinuhuli ang maliliit na isda.
   a. Mag-alaga ng kapaligiran.
   b. Masipag na bata si Ben.
   c. Nagtapon ng basura si Ben sa tabing-ilog.
   d. Walang magawa si Ben.

2. Maraming tao sa parke. Dito sila naglalaro at kumakain. May mga batang nagtatapon ng mga balat ng kinain nila. Ang iba ay nangunguha ng halaman.
   a. Maramig tao ang pumupunta sa parke.
   b. Walang pagpapahalaga sa paligid ang mga tao.
   c. Iba't iba ang ginagawa ng mga tao sa parke.
   d. Masaya ang mga tao sa parke.

3. Uminom ng walo o higit pang baso ng tubig araw-araw. Nakatutulong ito para sa mabilis na pagtunaw n gating kinain. Nasosolusyunan nito ang pagtigas ng dumi sa loob ng katawan.
   a. Kabutihang dulot ng sapat na pag-inom ng tubig.
   b. Bilang ng inuming tubig araw-araw.
   c. Importante ang tubig.
   d. Ang tubig ay buhay.

4. Kapag may sipon o ubo, iwasan ang pagdura kung saan-saan. Takpan ang bibig o ilong kapag umuubo o bumabahing nang hindi makahawa ng iba. Uminom ng maraming tubig at magpahinga.

a. Huwag lumabas ng bahay kapag may sakit.
b. Magsuot ng face mask kapag bumabahing.
c. Mga dapat gawin kapag inuubo at sinisipon.
d. Uminom ng maraming tubig at magpahinga.

5. Ang **dengue** ay maiiwasan kung ibayong pag-iingat ay isasaalang-alang. Palitan ng madalas ang tubig sa plorera. Linisin ang loob at labas ng bahay. Maging malinis sa tuwina.

a. Palitan lagi ang tubig sa plorera.
b. Maglinis kahit sa gabi.
c. Linisin ang bakuran ng kapit-bahay.
d. Maglinis ng kapaligiran upang maiwasan ang **dengue**.

Binabati kita sa iyong angking galing! Natapos mo ang araling ito ng buong husay at kagalakan. Ipagpatuloy ang iyong magandang nasimulan sa susunod na mga modyul.



# Susi sa Pawawasto

**TAYAHIN:**

1. a
2. c
3. a
4. c
5. d

**TUKLASIN:**

1. A
2. C
3. D

**BALIKAN:**

1. c
2. e
3. b
4. a
5. d

**ISAGAWA:**

1. bote, plastic, dyaryo
2. Dahil nakasanayan at tamad ang mga tao sa pag re-recycle
3. nagkakaroon ng baha
4. lahat ng mga tao
5. nakakalat na basura nakakasama

# Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Garcia, Aligante, Ola, Cruz, Castro, Padalla, Alburo, and Cruz. *Ang bagong batang Pinoy 2*. Philippines: Rex Book Store, Inc., 2013.